

Ang Katherine Women's Legal Service (KWILS) ay isang espesyalistang legal na serbisyo para sa mga babae, ng mga babae.

Kinikilala ng KWILS ang buong Rehiyon ng Big Rivers bilang mga Tradisyonal na May-ari ng Lupain kung saan tayo naninirahan at nagtatrabaho. Higit naming ipinagdiriwang ang lakas ng mga kababaihan na nag-alaga sa kanilang mga anak, pamilya, at lupain sa di-mabilang na mga henerasyon, at patuloy na ginagawa ito.

Nakikipagtulungan ang KWILS sa **lahat** ng mga kababaihan, **lahat** ng edad, sa Katherine at sa rehiyon ng Big Rivers, upang makamit ang isang kinabukasan kung saan ang lahat ng mga kababaihan at ang kanilang mga anak ay ligtas, namumuhay nang may dignidad at paggalang.

Hindi mo kailangang maging permanenteng residente o mamamayan upang makipag-usap sa KWILS: maaari ka naming matulungan anuman ang katayuan ng iyong visa.

Ang aming mga abogado ay nagbibigay ng libreng legal na payo at pangangatawan, na nakapokus sa karahasan sa tahanan, pamilya at karahasang sekswal, proteksyon ng bata at batas pampamilya (paghihiwalay, pagdi-diborsyo, at mga kaayusang pangmagulang).

Maaari rin kaming makatulong sa mga problema sa sibil na batas gaya ng diskriminasyon; mga reklamo tungkol sa pulisya, mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at Corrections (bilangguan); kompensasyon para sa mga biktima ng krimen; mga problema sa pabahay at Centrelink, at batas sa pagtatrabaho.

Nag-eempleyo ang KWILS ng mga Support Worker na nakikipagtulungang mabuti sa mga kliyente. Maaari ka nilang samahan sa iyong mga appointment o sa korte, at maaaring makipagtulungan sa iyo na gawin ang lahat ng mahahalagang hindi pambatas na mga gawain gaya ng pagkumpleto ng mga form at aplikasyon, pag-iskedyul ng mga appointment at pagpunta sa mga ito, at pagsangguni sa ibang mga serbisyo.

Kapag nakipag-usap ka sa isang abogado, sabihin mo sa kanya ang iyong istorya, at kung ano ang gusto mong mangyari. Sasabihin sa iyo ng abogado kung anong mga opsyon ang mayroon ka. **Ikaw ang magpapasya** kung ano ang iyong susunod na gagawin. Hindi maaaring simulan ng abogado ang anumang gawain para sa iyo maliban kung sasabihin mo sa kanya na gawin ito.

Ang aming opisina ay isang lugar na pribado at ligtas. Ang aming mga abogado at support worker ay mga babae rin, at nais nilang madama mong ikaw ay ligtas at komportable sa lahat ng oras.

Kung mas gusto mo, magagalak kaming makipagmiting sa iyo gamit ang video call, o pupunta kami kung saan mo nadarama na ikaw ay ligtas at komportable.

Maaari kang makipag-usap sa KWILS na may interpreter, upang masabi mo sa amin ang iyong istorya sa wika na mas komportable ka.

Kung ang KWILS ay hindi ang tamang serbisyo para matulungan ka, tutulungan ka naming humanap ng tamang serbisyo. Huwag matakot humingi ng tulong: ito ang dahilan kung bakit kami naririto.

Sa KWILS, nakikinig kami at lubos na iginagalang ang sariling pagtasa ng aming mga kliyente ng kanilang kaligtasan, at ng kaligtasan ng kanilang pamilya.

May pahintulot ang mga abogado na panatilihin ang halos lahat ng impormasyong lihim na sinabi sa kanila ng mga kliyente. Gayunpaman, tulad ng lahat ng mga taong nasa hustong gulang sa NT, ang mga kawani ng KWILS ay kailangang iulat sa pulisya ang karahasan sa tahanan, o iulat sa Territory Families kung may isang batang nasaktan o nanganganib na masaktan, ayon sa ipinag-uutos na pag-uulat (mandatory reporting).

Hangga't maaari, makikipag-usap sa iyo ang KWILS bago gumawa ng pag-uulat. Isasaalang-alang din namin ang kaligtasan ng bawat isa, at paano at kailan ang pinakamainam na oras upang gumawa ng pag-uulat.

Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa mga batas sa ipinag-uutos na pag-uulat, maaari kang mag-email sa amin sa info@kwils.com.au o tawagan kami sa on 8972 1712.

Marami pang karagdagang impormasyon tungkol sa KWILS sa aming website – impormasyon tungkol sa batas, paano ka maaaring makipagtulungan sa KWILS, sumali bilang isang miyembro, at ang aming gawain sa pagbabago ng batas at adbokasya.

